

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Sini-secure ng Lungsod ng Brampton ang hanggang \$400 milyon na commitment para sa Brampton Transit mula sa Canada Infrastructure Bank

BRAMPTON, ON (Hulyo 21, 2021) – Sa araw na ito, inanunsyo ng Lungsod ng Brampton at ng Canada Infrastructure Bank (CIB) ang kanilang malamang na kasunduan, kung saan mangangako ang CIB ng \$400 milyon para masuportahan ang pagbili ng Brampton Transit ng hanggang 450 zero-emission buses (ZEBs) bago lumipas ang 2027.

Sa ilalim ng kasunduan, ang pag-finance ng CIB ay aambag sa mas mataas na direktang gastos sa kapital ng mga ZEB at kaugnay na mga imprastruktura sa pag-charge sa kalye. Ito ang pangatlong pangako ng CIB sa pag-finance sa ZEB sa isang munisipalidad at sumusuporta sa isa sa pinakamalaking paglipat sa ganap na de-kuryenteng mga behikulo sa pampublikong transportasyon sa Canada hanggang ngayon.

Ang paglipat sa fleet ng lahat ng de-kuryenteng bus ay nabuo sa commitment ng Lungsod na bawasan ang bakas ng carbon at magtayo ng Luntiang Lungsod, Ang mga ZEB ay sustenableng mga sasakyang pantransportasyon na magbibigay ng matipid, tahimik at malinis na biyahe para sa ating komunidad.

Ang pagsasakuryente ng mga sasakyan ng transit ay isang napakahalagang milestone sa paglalakbay ng Lungsod na mabawasan ang mga GHG na nalikha sa Brampton nang 80 porsyento bago lumipas ang 2050. Sa kasalukuyan, kabilang sa fleet ng Brampton Transit ang walong de-battery na de-kuryenteng mga bus at apat na overhead chargers na nakapagpapatipid ng tinatayang 235 toneladang CO₂ kada bus bawat taon; nagdagdag sa 133 Hybrid-electric fleet ng mga bus ng of Züm.

Ang pinal na kasunduan ay nasa ilalim ng pag-apruba ng Konseho ng Lungsod ng Brampton at Konseho ng Rehiyon. Inaasahan ng CIB at ng Lungsod ng Brampton na marating ang pinansyal na pagsasara sa dulo ng 2021.

Mga Link

- [Nagko-commit ang Canada Infrastructure Bank ng hanggang -\\$400 milyon tungo sa paglipat ng Lungsod ng Brampton sa 450 zero-emission bus](#)

Mga Quote

“Ipinagmamalaki kong tanggapin ang commitment ng CIB sa multi-milyon na dolyar tungo sa Brampton Transit. Binabago natin ang transit sa Canada sa ating mithiin na bumili ng hanggang 450 zero-emission buses sa mga daan ng Brampton sa susunod na anim na taon. Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, at magkasama, mababawasan natin ang bakas ng carbon at magiging mas moderno at sustenableng lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ito ay isang mahalagang commitment. Ang Brampton ay lider sa mga inisyatiba ng malinis na transportasyon, at ang commitment na ito ay magpapaganda sa kalidad ng buhay ng mga residente. Ang pagsasakuryente ng ating transit network ay isang prayoridad sa commitment ng ating Lungsod na itayo ang Luntiang Lungsod.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehalr, Wards 1 at 5; Chair, Public Works & Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang commitment ng CIB na suportahan ang dedikasyon ng Lungsod tungo sa pagtayo ng mabuti ang pagkakakonekta, sustenable, at sistema ng transportasyon na matipid sa enerhiya at isang mas luntiang lungsod para sa lahat. Inaasahan natin ang patuloy na makikipagtulungan sa ating mga stakeholder para ihatid sa Brampton ang pamumuhunan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga enhancement na magpapaposible sa mga sustenableng model ng biyahe ay napakahalaga para makamit ang mga layunin ng Rehiyon ng Peel para sa pangmahabang panahon na pag-unlad at para sa nakakalusog at magandang tirhan na mga komunidad. Ang commitment na hanggang \$400 milyon mula sa Canada Infrastructure Bank para suportahan ang pagbili ng Brampton Transit na hanggang 450 zero-emission na mg buses bago lumipas ang 2027 ay isang magandang halimbawa ng inisyatibang nakatuon sap ag-accommodate sa accommodating na pag-unlad sa paraan na inuuna ang pangkapaligiran, panlipunan at pang-ekonomiya.”

- *Nando Iannicca, Regional Chair*

“Ikinagagalak ko na gumagawa ng malaking pamumuhunan ang CIB sa inisyatibang ZEB ng Lungsod ng Brampton. Ang ating partnership ay makakatulong sa Brampton na magiging isang luntiang lungsod at magbibigay ng mas malinis na pampublikong transportasyon para sa mga henerasyon na darating. Ito ay isang napakalaking pagkakataon na makagawa ng kaibahan sa pagsasamoderno sa imprastruktura ng munisipalidad. Magpapatuloy ang CIB sa pamumuhunan na mas magpapabuti sa kalidad ng buhay ng mga Canadian at susuporta sa mas sustenableng mga komunidad.”

- *Ehren Cory, Presidente at CEO, Canada Infrastructure Bank*

“Mas malinis na hangin, mas tahimik na mga kalye, at isang planeta na ligtas para sa ating lahat – iyan ang layunin. Sa pakikipag-partner sa Lungsod ng Brampton, tutulong ang Canada Infrastructure Bank na makapaghatid ng 450 bagong zero-emission buses sa mga kalye ng Brampton, tungo sa commitment na 5,000 karagdagang zero emission buses sa buong bansa. Bahagi ito ng plano ng Pamahalaan ng Canada na pagandahin ang kalidad ng buhay para sa lahat ng Canadian, sa pamamagitan ng paglikha ng mga mabuting trabaho at pagpapasimula sa ekonomiya, pagharap sa pagbabago ng klima, at pagtayo ng mas nagsasaling mga komunidad.”

- *The Honourable Catherine McKenna, Minister of Infrastructure and Communities*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at

pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca

Julie Desjardins
Canada Infrastructure Bank
514-963-3478 | jdesjardins@cib-bic.ca